# Gob. Egay nagpahayag ng simpatya sa small scale miners kasabay ang hikayat na minahang bayan dapat nang isulong

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# BASM Surgical Mission
## 140 pasyente ang naoperahan




*Si Erna Auro, Registered Nurse (RN) ng Bay Area Surgical Mission (BASM) habang nagbibigay mensahe sa fellowship night na inihanda para sa kanila ni Gobernador Edgardo A. Tallado na idinaos sa Zenaida's Palace sa Brgy. Bagasbas, Daet noong Pebrero 20, 2014.*

"Sa nakalipas naming mga *surgical missions*, kapag dumarating kami sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*, marami ang sumisimangot at may mga nagsasabi pang - ***Narito na naman 'yang mga 'yan, mapapagod na naman tayo***." Ngunit kabaligtaran ito nang nadatnan namin ngayong taon - *very accommodating*, laging nakangiti at palabati na ang mga doktor, narses at mga kawani ng *CNPH*. Natutuwa kami sapagkat maganda na ang pakikitungo nila sa amin, salamat sa mahusay na pamumuno nina Gob. Edgardo Tallado at *Dr.* Myrna P. Rojas, *Acting Provl. Health Officer*. Ito ang bahagi ng impresyon na ipinaabot ni Ms. Erna Auro, *Registered Nurse (RN) Team Leader* sa programa ng *Governor's Night* na idinaos sa Zenaida's *Palace* sa Brgy. Bagasbas, Daet noong Pebrero 20, 2014.

Dahil sa nabanggit na pagbabago, maitutturing na isang napakalaking tagumpay ang *Bay Area Surgical Mission (BASM)* ngayong taon na isinagawa sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* simula Pebrero 17-21, 2014. Idagdag pa rito ang tinatayang 140 mahihirap nating kababayan na nabigyan ng libreng operasyon bukod pa sa 5 katao na napagkalooban ng libreng *consultation services*.

Sa naturang bilang, 62 ang sumailalim sa *major surgeries* na kinabibilangan ng *OB-gyn, general surgery*, at/o *head and neck surgeries*, at 78 *minor surgeries* gaya ng pagtanggal ng *bumps* at *lumps* o bukol.

Ang naturang *Governor's Night* ay idinaos bilang pasasalamat sa

*(Sundan sa pahina 3)*

"Ang pagkakabod ay isang malinis na hanapbuhay, subalit kung ipatititigil ko ito at magugutom kayo, hindi ko kayo iiwan sa labang ito". Ito ang mariing pahayag ni Gobernador Egay Tallado, sa harap ng mga magkakabod partikular na ang mga *small scale miners* sa isinagawang talakayan noong Marso 1, 2014 sa mga bayan ng Jose Panganiban at Paracale.

Ang nasabing magkahiwalay na pagtitipon ay pinangunahan ng *Philippine National Police–Camarines Norte Provincial Office* sa pamumuno ni *Police Sr. Supt.* Moises Cudal Pagaduan, *PNP Provincial Director*. Tinipon ang mga *small scale miners* na maaapektuhan at mawawalan ng hanapbuhay dahil sa kautuusan ng *DENR Mines and GeoScience Bureau (MGB)* na sila'y patigilin matapos makarating sa kagawaran ang reklamong iligal ang kanilang operasyon.

Sa harap ng mga magkakabod ay inihayag ng Gobernador na isang sulat ang kanyang tinanggap mula sa DENR MGB na nagsasabing walang *permit* ang kanilang hanapbuhay kaya't dapat ipahinto. Paliwanag ni Gob. Tallado, kumilos ang ilang ahensya ng pamahalaan tulad ng *Department of Justice (DOJ)* dahil sa sumbong at sulat ni *First District Congresswoman* Catherine Reyes sa tanggapan ni *DOJ Sec.* Leila De Lima, na may petsang December 12, 2013 hinggil sa umano'y iligal na hanapbuhay ng maliliit na magkakabod mula sa mga bayan ng Labo, Paracale at Jose Panganiban. Ang ipinagtataka lang daw ng Gobernador na sa

*(Sundan sa pahina 3)*

*Matamang nakikinig ang mga small scale miners ng Jose Panganiban sa pahayag ni Gob. Edgardo A. Tallado ukol sa operasyon ng mina sa probinsya.*




## Nasa Loob

Prospect ng Call Center sa Camarines Norte pinaghahandaan ng Pamahalaang Panlalawigan p2
Libreng CSC Exam Review nagsimula na at magpapatuloy taun-taon p2
SBP naghahanap ng susunod na Atoy Co p2
Large small scale mining hindi pahihintulutan kung walang permit p3
Valentines day, SFPS golden jubilee at project inauguration, nagbigay-kulay sa multi-services caravan sa bayan ng Talisay p4
Brgy. Dagang nagpasalamat sa farm to market road at day care center p6
Brgy Affairs Office umalma sa pangaambi sa elektripikasyon ng Macogon Labo p7




*Para sa detalye basahin ang balita sa pahina 2*



# Prospect ng Call Center sa Camarines Norte pinaghahandaan ng Pamahalaang Panlalawigan

Bilang paghahanda sa inaasahang pagbubukas ng mga *Business Process Outsourcing (BPOs)* o *call centers* sa Camarines Norte, ilulunsad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang isang bagong programa nito, ang *Libreng Call Center Training*.

Sa kasalukuyan, mayroon nang 53 *trainees* ang nagpatala para sa *first batch* ng pagsasanay. Susundan ito ng pangalawang grupo sa buwan ng Mayo. Ang mga interesadong sumailalim sa libreng pagsasanay ay maaaring makipag-ugnayan sa *Provincial Youth Affairs Office (PYAO)* na nasa *Provincial Capitol compound*.

Itinaguyod ni Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado ang *Libreng Call Center Training* para maging handa ang lalawigan sa *manpower requirement* ng mga *BPOs*. Ito ang magiging daan ng mga kababayan nating walang trabaho na makapasok sa mga *call centers* bilang *center agents*.

"Ang *Asia Submarine Cable Express (ASE) landing station* na itinayo sa Brgy. Bagasbas, Daet ay makaaakit ng pamumuhunan mula sa mga *BPOs* at iba pang *multinational companies*," ayon sa pa gobernador.


Magugunita na noong Setyembre 26, 2013 ay bumisita sina Toshinao Urabe, *Japan Ambassador to the Philippines* kasama si *Embassy of Japan First Secretary* Kazuto Okazaki sa *ASE landing station facilities* dito na 300 milyong dolyar na *investment* at pagmamay-ari ng *PLDT* kasama ang *NTTCom of Japan*, *Telekom Malaysia*, at *StarHub* ng *Singapore*. Itinayo ito sa pakikipagtulungan sa *NEC Corp.* at *Fujitsu Ltd*.

"Marami ang gustong mag-aplay sa mga *call centers* pero pagdating sa *interview at screening* ay hindi matanggap (dahil sa kakulangan ng kaukulang kaalaman at kasanayan) kaya nagdesisyon kami na magtaguyod ng libreng pagsasanay para sa kanila", ayon naman kay Mariano Palma, hepe ng *PYAO* na siyang nagpanukala at nangangasiwa ng nabanggit na pagsasanay.

Samantala, hindi rin naman ikinaila ni Palma na matapos ang libreng pagsasanay, karamihan sa mga target na benepisyaryo ay kailangan pang hasain ang potensyal upang makapasok sa nabanggit na industriya na kabilang sa mga nais matugunan ng *PYAO* para maging mabunga ang nabanggit na gawain ng pamahalaang panlalawigan. ***NORG ABARCA/JING CALIMLIM***




**Project Briefing**– Si Gob. Edgardo A. Tallado at Mayor Tito S. Sarion sa kanilang pakikapagpulong sa mga Japanese officials and PLDT executives ukol sa ASE project na pinakabagong cable system sa Asia Pacific Region para tugunan ang mabilis na paglawak ng bandwidth requirements for new & revolutionary broadband applications




# Libreng CSC Exam Review
## nagsimula na at magpapatuloy taun-taon

Ang libreng *Civil Service Review Class* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte para sa may 150 indibidwal ay nagsimula na noong Pebrero 8, 2014 at magtatapos sa Marso 29. Ito ay maghapong isasagawa tuwing Sabado at Linggo sa *Little Theater, Provincial Capitol*, bilang paghahanda sa *Civil Service Examination* na isasagawa ng *Civil Service Commission* sa Abril 6, 2014 sa iba't-ibang panig ng bansa.

Ito ay isang bagong proyekto ng pamahalaang panlalawigan na tinatawag na 'Libreng *Review*: Handog para sa Inyo' na si Gob. Edgardo A. Tallado ang kauna-unahang nagpatupad sa lalawigan. Regular itong isasagawa tuwing may nakaiskedyul na *civil service examination* upang matulungan ang mga nagnanais na makapasa rito nang sa gayon ay magkaroon sila ng *civil service eligibility* na kinakailangan upang makakuha ng permanenteng posisyon sa gobyerno.

Ang susunod na *review class* ay isasagawa sa Agosto 2 hanggang Setyembre 20, 2014 para naman sa *CS examination* sa Oktubre 2014, ayon kay Mr. Mariano E. Palma, *Provincial Youth Affairs Officer-Designate* ng *Provincial Youth Affairs Office (PYAO)* na pinamumunuan niya at siyang tagapagpatupad ng naturang gawain.

Ang mga tagapagturo rito ay pawang dalubhasa sa kani-kanilang larangan na binigyan ng kaukulang *honorarium* ng pamahalaang panlalawigan. Ito ay sina: Dr. Rosalie A. Almadrones na tatalakayin ang iba't-ibang aspeto ng *subject* na *English* gaya ng *Vocabulary, Grammar and Correct Usage, Analogy and Logic, Paragraph Organization* at *Reading Comprehension*; Jayson N. Margo, M.A.Ed – *Mathematics*, at *Atty.* Adan Marcelo Botor – *Philippine Constitution*, *Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees under RA 6713*, *Peace and Human Rights Issues and Concepts*, at ang *Environmental Management and Protection, Laws and Issues*.

Sumailalim ang humigit-kumulang 300 aplikante para sa *first batch* ng *review class* sa *diagnostic test* noong Pebrero 4-6, 2014. Ginawa ang pagsusulit upang masukat ang antas ng kanilang kaalaman ukol sa *General Sciences, Law and Philippine Constitution, Grammar and Correct Usage*, at *Logical Analysis and Numerical Reasoning* at matukoy ang 150 kwalipikadong *reviewees*.

Sa resulta ng *diagnostic test* noong Pebrero 7, pinili din mula sa 150 nakapasa ang *Top 10 examinees*. Ito ay sina 1) Francis C. Freyra – 99.5%; 2) Salve Amor Freyra – 96.5%; 3) Irene R. Vasquez – 95.0; 4) Sally R. Arciga – 93.50%; 5) Alexander M. Arevalo – 92.0; 6) Analuna S. Astillero – 90.0; 7) Marjorie R. Rabi – 89.0; 8) Jeffrey A. Cabarle – 86.0; 9) Farrah Joanne B. Pardo at Michelle Francisco – 83.5%, at 10) Carl Joseph V. Gerona – 82.0.

Matatandaan na sa 94,251 na kumuha ng *Civil Service Examination* noong Oktubre 16, 2013, may

(Sundan sa pahina 3)

# SBP naghahanap ng susunod na Atoy Co

Sina Mr. Liberato V. Valenzuela, *SBP Chairman-Technical Commission*, at Mr. Arnulfo D. Bermeo, *SBP FIBA Referee* ang mga panauhing tagapagsalita sa 2-araw na *Basketball Officiating and Tournament Clinic* na ginanap sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* noong Pebrero 15 hanggang Pebrero 16, 2014.

Pangunahing isponsor sa 2-araw na libreng *Basketball Officiating and Tournament Clinic* si Gob. Edgardo A. Tallado kasama sina Mayor Tito S. Sarion at Vice Mayor Noel 'Ahlong'Ong bilang isang pagkilos at inisyatibo para mapaunlad ang kakayahan at potensyal ng ating mga kababayan sa larong basketbol para makahubog tayo ng isa pang 'Atoy Co'.

Isinusulong ng *Amateur Basketball Arbiters (ABA)-Samahang Basketbol ng Pilipinas (SBP)-Camarines Norte Chapter* ang aktibidad para matulungan ang mga bagong halal na mga opisyal ng barangay na magampanan ang kanilang tungkulin bilang tagapamuno ng *committee on sports* sa kani-kanilang barangay. Ayon pa kay G. Allan C. Augusto, *SBP-CN Provincial Head*, nais din nilang magbigay ng gabay ukol sa tamang pamamahala ng kongkretong *basketball development program* susog sa *grassroots sports development agenda* ng *Philippine Sports Commission (PSC)*.

Si *SBP FIBA Referee* Bermeo ay inanyayahan ng *ABA-SBP* sa nasabing 2-araw na gawain sa layuning personal nitong maibahagi at maipaabot sa kaalaman ng mga *basketball referees* dito sa Camarines Norte ang mga naging pagbabago sa *Federation of International Basketball Association (FIBA) rules*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Large small scale mining hindi pahihintulutan kung walang permit

Umaayon si Gob. Edgardo A. Tallado sa pagkilos kamakailan ng *Mines and Geosciences Bureau* ng *DENR* laban sa mga *large scale mining* dito sa Camarines Norte.

Sinabi niya na, "Noon pa man ay paulit-ulit ko nang sinasabi sa mga nagmimina na huwag silang mag-o-*operate* na walang kaukulang *permit*. Na kung *expired* na ang kanilang *permit* ay tumigil sila sa pagmimina at huwag maging matigas ang ulo."

Ayon pa sa kanya nararapat lamang na siguruhin ng *MGB-DENR* na mayroong karampatang *permit* mula sa kanilang tanggapan ang mga *large scale mining companies* na nag-o-*operate* dito sa sa lalawigan at ipataw ang nararapat na penalidad kung mapatutunayang iligal ang kanilang operasyon. Kamakailan ay hiniling din ng gobernador sa *MGB* na bumisita ito sa Brgy. Larap, Jose Panganiban upang alamin kung ligal ang napabalita roon na pagkakarga ng yamang mineral palabas ng probinsiya. Kaagad namang isinagawa ng *MGB* ang pagtungo sa lugar kasama ang mga kawani ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* ng pamahalaang panlalawigan.

Natutuwa rin si Gob. Tallado na sa pangunguna ni *Most Rev.* Gilbert A. Garcera, *D.D.*, Obispo; pagtutuunan ng ating Diyosesis ng Daet ang usapin ng pagmimina ngayong taong 2014 na itinakda ng Simbahang Katolika bilang *"Year on the Laity and Socio Pastoral Concerns"*. Malaking bagay na sa pamamagitan nila ay maiparating ang mga reklamo ukol sa *illegal mining operations* sa kanilang mga parokya, ayon pa kay Gob. Tallado. Mas may kredibilidad ang kanilang panawagan kaysa sa mga pagkilos ng ilan na sa pananaw ng gobernador ay pawang *"politically motivated"* lamang. ***JingCalimlim***



***Patuloy na isinasagawa ng samahan ng BASM o Bay Area Surgical Mission ang taunang surgical mission dito sa Camarines Norte sa layuning makapagbigay ng libreng operasyon ang kapus-palad nating mga kababayan.***

# BASM Surgical...

**(Mula sa pahina 1)**

*BASMA Team* sa kanilang boluntaryong serbisyo at mabigyan sila nang kahit sandali na makapag-relaks mula sa malayong byahe at ilang araw na pang-gagamot

Sa naturang okasyon, ay pinagkalooban ni Gob. Tallado ng *Certificate of Recognition* ang mga opisyal ng BASM 2014. Binigyan pagkilala din ang mga *volunteer doctors and nurses* mula sa America at gayundin ang mula rito sa Camarines Norte at karatig-probinsya nito. Sa governor's o fellowship night ay *game'* na *'game'* 'na nagbigay ng isang pang-aliw na bilang ang *BASMA Team* na masigla ring nakilahok sa *live performances* gayundin sa *videoke spree* .

Sa mensahe ni Gob. Tallado, ipinaabot niya ang taus-pusong pasasalamat sa *BASMA Team* na taun-taong naghahatid ng libreng operasyon at serbisyong medikal sa mahihirap na pasyente sa lalawigan.

Ang *BASM* na binubuo ng mga *volunteer doctors and nurses* na nakabase sa *Bay Area, California, USA* ay pinamunuan ngayong taon ni Dr. Arlene Cosca, *MD, OB-Gyne.*

Tumulong din ang ating mga *local registered nurses* na sina: Shara Pabines, Annabelle Cordova-Asada, John Rey Chavez, Lolebelle Gonzales, Charmaine Marmol, Jason Marmol, Rachelle Mae Auro Petrovits, Ian Taldo, at iba pa.

Mula sa pribadong sektor ay nagsilbi naman bilang *support persons* dito sina Nicole King, Nicole Moralde, Brianna Lau, Anika Hatch, Zenaida Jones at Cristina Watson kasama ang mga *local volunteers* na sina Chingky N. Deveza na tumatayong *coordinator-local*; Elmer Bernardo – *Biomed*; Carmelita Peña – *dinner coordinator*, at sina Nenita Peña, Marites Abrera at Aida Guinto.

Si Dr. Roxas ng *CNPH* ay nagpapasalamat din sa mga kawani ng hospital para sa lahat ng paghahanda at suportang ipinagkaloob sa nasabing surgical mission. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Gob. Egay nagpahayag ng simpatya sa small scale...

**(Mula sa pahina 1)**

matagal ng panahon at inugatan na sa kaburan ang mga nagtatrabaho doon, ngayon lang may lumutang na pormal na nagreklamo laban sa kanila. Binigyang-sipi rin ang *MGB-DENR* ng *address* at pangalan ng mga *small scale miners* na ito, na tila sinuyod at inisa-isa para gawing batayan na sila'y nagtratrabaho ng iligal.

Sa panig ng Punong Lalawigan, papayagan pa rin daw n'ya ang mga magkakabod na pansamantalang ipagpatuloy ang kanilang hanapbuhay dahil sa pangambang magutom ang pamilya ng maraming manggagawa na umaasa sa pinagkukunan ng kanilang kabuhayan - ang mayamang lupain sa kanilang mga lugar. Kaakibat naman nito ang pakiusap na siya'y tulungan para masunod ang mga patakaran para maging ligal ang kanilang operasyon.

Sinang-ayunan siya ng mga minero nang sabihin niya na: 'Alam n'yo po ba na ang halos lahat ng lugar na kayo ay nagmimina ay mayroong *MPSA holder,* kaya paano kayang yayaman?

Hinikayat din ni Gob. Tallado ang mga pamahalaang lokal ng Jose Panganiban at Paracale na magdeklara ng isang lugar na gagawing minahang bayan upang matapos na ang usapin ukol sa iligal na pagmimina.

Maaring ang lokal na pamahalaan ay magdeklara ng lugar na tatawaging Minahang Bayan, basta ito'y sa mga lugar na wala pang *claimant.* Sa isang Panlalawigang Ordinansa, ayon sa Punong Lalawigan, ang isang lugar na may *claim owner* at walang pagmiminang ginagawa sa loob ng dalawang taon ay maaari nang gawing Minahang Bayan. Maaari rin aniya itong patakbuhin ng mga kooperatiba para higit na makinabang ang mga residente ng lugar.

Sa huli, buo ang loob ni Gob. Tallado na suportahan ang mga *small scale miners* sa ating probinsya; maipagpatuloy nila ang kanilang hanap-buhay, malamnan ang kumakalam na sikmura, samantalang sya naman ay naghahanap ng mga paraan para higit silang maprotektahan.

Sa hiwalay na panayam ay sinabi ni Gob. Tallado na isang malaking pagtataya ng kanyang liderato bilang gobernador ang kanyang pahayag na siya na lamang ang makulong bunga ng kanyang pagpapahintulot sa patuloy na pagkakabod, huwag lang magutom at huwag mahinto sa pag-aaral ang mga kabataan mula sa napakaraming mahihirap na pamilya na umaasa sa *small scale mining*.

Samantala sa usapin ng *large scale mining* a y nauna na siyang nagpahayag na huwag silang mag-o-*operate* ng walang *permit*, na kung *expired* na ang kanilang *permit* ay tumigil sila sa pagmimina at huwag maging matigas ang ulo.

Sa nasabing talakayan, binigyan din ng pagkakataon ang mga dumalong minero na magtanong sa gobernador at sa iba pang naroon upang mabigyang- linaw ang ilan pang isyu tungkol sa pagmimina. ***Ivy Consuelo Garcia/ jcalimlim***

# Libreng CSC...

**(Mula sa pahina 2)**

11.53% o 10,866 lamang ang nakapasa na isa sa mga tinitingnang dahilan ay ang kawalan ng angkop na rebyu bago kumuha ng naturang pagsusulit.

Ito ang dahilan kaya isinulong ni Gob. Tallado ang Libreng *Civil Service Review* para ang mahihirap nating mga kababayan na walang pambayad para sa 2-buwang *review classes* na umaabot sa humigit-kumulang na P5,500.00 ay makapagrebyu. Hangad ni Gob. Tallado na tumaas ang tsansa nilang makapasa sa *CS Exam* at magkaroon ng kwalipikasyon para makapagtrabaho sa mga pampamahalaang ahensya ng gobyerno at/o mga *local government units.* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ jac***



***Mula sa 300 aplikante na sumailalim sa diagnostic exams, pinili ang 150 na kwalipikadong maging benepisyaryo ng Libreng Review para sa Civil Service Examination.***

# The PNP and Society

*A message delivered by the Honorable Governor Edgardo A. Tallado*
*on the occasion of 23rd PNP Day 2014*
*at Wenceslao Q. Vinzons Camp Dogongan, Daet, Camarines Norte*

Police Senior Superintendent, Moises C. Pagaduan, Acting Provincial Director, the Staff of CNPPO, Personnel of Philippine National Police, Friends, Ladies and Gentlemen,

It is good to start the year right by way of reminding ourselves of our obligation to our people being an institution that is tasked with preserving not only peace and order but more importantly in ensuring the welfare and well being of our constituents.

The mandate of the Philippine National Police to uphold the dignity of every person and to oversee the peace and tranquility in the community is both a noble and a challenging obligation. It requires painstaking attention to the safety and security of every household and individual. It demands every personnel of PNP to have an upright moral and social conscience. It compels every person in uniform to be always on the look out to behave in such a way that they should be beyond reproach. It prods and spurs the entire PNP Organization to pursue the culture of excellence and live up to the demands of integrity and honor.

In occasions like this, it is good to remind ourselves that for us to become effective servants of society we only have one choice, and that is, by always doing what is right morally and legally and shunning what is contrary to the existing moral and legal norms. We can never be Machiavellian, or be scheming, cunning and deceitful. It is incumbent therefore, for the PNP to know not just the terrain of society but more importantly, the image that it wants to project as a result of its accomplishments and achievements and not as a result of its non-fulfillment and foundering of its personnel of their duty. If the PNP wants to establish a good and symbiotic relationship with the society, it should be able to build an image and a tradition of excellence.

The society where we operate is obviously not just concerned with crime solution and crime prevention. It is not just concerned with emergency response and rescue operations during times of disasters and calamities. It is not just concerned with breaking the backbone of organized crime. It is concerned with, more than anything else, on the image of PNP as an institution being an ally, defender, guardian, advocate, champion and promoter of the interests of the people.

In short, the PNP should be the prime mover in spreading what is truthful, what is good, what is beneficial for the people and what is fair for everyone. The PNP can never side step and deviate from this dictum. There has to be proper appreciation of the needs of the society. In so doing, there would be an easy fine tuning of planning, implementing and monitoring of policies and programs that would be responsive to the current situation.

If there is a proper perspective in looking at the nature of PNP as an institution and its primordial mission in society, then there would be less problems in procedural or technical matters, there would be less problems in upholding the dignity and integrity of the human person, there would be less problems in the stakeholders in society as a whole.

At this point we have to remind ourselves that we go back to the basics of or values. Our good values would serve as a road map and a guiding principle in the discharge of our duties and obligations as we constantly aspire for a peaceful, progressive and prosperous Camarines Norte.

MABUHAY ANG PHILIPPINE NATIONAL POLICE!

# Valentines day, SFPS golden jubilee at project inauguration, nagbigay-kulay sa multi-services caravan sa bayan ng Talisay



*Pinangunahan nina Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel katuwang si Mayor Ronnie P. Magana ang pasinaya ng second floor ng Lying-In clinic sa Brgy. Poblacion Talisay noong Pebrero 14, 2014 bilang bahagi ng multi-services caravan doon.*

Noong Pebrero 14, 2014 sa bayan ng Talisay, doble ang katuwaan ng mga taga-barangay San Jose at Poblacion dahil sa pagdalaw ng *Multi-Services Caravan (MSC)* sa kanilang lugar na nataong *Valentine's Day.*

Ang pagbibigay ng iba't-ibang serbisyo ng pamahalaang panlalawigan ng araw na iyon ay mas masaya dahil ang bawat isa ay nagbabatian ng *happy valentine's day.* Mas natuwa ang lahat pagdating ni Gob. Edgardo A. Tallado na namigay ng pulang lobo na may nakasulat *na I love You.*

Sa Brgy. San Jose, kinilig ang mga kababaihan dahil sa lugar nila sorpresang iniabot ni Gob. Egay ang kanyang inihandang rosas para sa kabiyak na si Josie Tallado.

Samantala, ang *MSC* sa Poblacion ay idinaos sa *St. Francis Parochial School* bilang pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa pagdiriwang nito ng kanilang *golden jubilee.*

Ang Brgy. San Jose ay nasa ilalim ng pamumuno ni Punong Barangay Neonita B. Magana habang ang Poblacion ay pinamumunuan ni Punong Barangay Herwin G. Velasco

Matapos ang pagtungo ni Gob. Tallado at iba pang opisyal sa magkahiwalay na lugar ng *MSC* ay pumunta naman sila sa pasinaya ng *lying-in clinic* sa Brgy. Poblacion. Magkatuwang sina Gob. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Talisay Mayor Ronnie Magana sa paggupit ng laso sa pasinaya. Maguguni-tang si Mayor Magana kasama si Vice Mayor Juancho Ramores at mayorya ng sangguniang bayan *member ng Talisay* ay sumapi at nanumpa na sa Partido Liberal na si Gob. Tallado ang *provincial chairman* dito sa Camarines Norte.

Maliban sa bayan ng Talisay, ngayong buwan ng Pebrero, ang *MSC* ay dumayo rin sa bayan ng Jose Panganiban at naghandog ng serbisyo sa mga barangay ng Sta. Elena, San Isidro, San Jose at Dayhagan noong Pebrero 7, 2014.

Noong Pebrero 21 naman ay muli itong bumalik sa Mercedes sa barangay Hinipaan at Pambuhan; at noong Peb. 28 ay sa bayan ng Basud sa barangay Tuaca at San Felipe. ***jing@calimlim.***



*Sa San Jose Talisay*



*Gov. and Mrs. Edgardo A. Tallado*



*Talisay Lying-in*



*sa St. Francis Parochial High School*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki Vito, *Communications Liaison, Prov'l. Information Office*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena dela Torre-Ibasco
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Piling Larawan



Si Forester Ella habang nagsasagawa ng demonstrasyon sa aktwal na pagkuha ng resin o dagta mula sa puno ng Almaciga.



WHO WILL BE THE BIGGEST LOSER— Tuwing Miyerkules pagsapit ng ika-4 ng hapon, todo-bigay ang ehersisyo ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan upang malabanan ang mga lifestyle diseases.




Si G. Abel Icatlo habang nagbabalik -tanaw sa kabayanihan ng dalawang bayani ng lalawigan na sina Jose Maria Enverga Panganiban at Vicente Rilles Lukban na kapwa nakiisa sa pagtatanggol sa kalayaan ng ating bansa sa kani-kanilang panahon. Ang naturang Lecture Forum na dinaluhan ng mga mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralang sekondarya sa bayan ng Daet ay isinagawa ngayong Pebrero sa paggunita sa anibersaryo ng kapanganakan nina JOMAPA at Lukban.




Ipinagkakaloob ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang Sertipiko ng Pagkilala kay Viberly Rashad Rom Reyes, kasama ang kanyang amang si Edgardo Reyes, habang nakamasid sina (mula kaliwa) BM Quiñones, BM Gache, BM Herrera, BM Jay Pimentel, BM Pardo, BM Canals at BM. Sa 14 na estudyante mula sa Camarines Norte na nakapasa sa PSHSS kung saan si Reyes lamang ang tanging nagkwalipika sa PSHSS Main Campus-Manila.



Nagpakita ng pakikiisa ang mga kapitan at mga konsehal nang dumalaw si Gob. Edgardo A. Tallado sa west district ng bayan ng Jose Panganiban kasabay sa paghahatid doon ng multi-caravan sa mga barangay ng Santa. Elena, San Isidro, San Jose at Dayhagan. (mula sa kaliwa, mga nakaupo: Coun. Artemio Andaya; PIO/CAO IV Jing Arriola Calimlim,; Gov. Tallado, Josie Tallado, Vice Gov. Jonah Pimentel at Kap. Delos Santos. (mula kaliwa, nakatayo) Coun. Jason Arriola, Coun. Casiano Dilao, Kap. Bagasbas, Jogs Bores, Ex. Kap. Asis, Kap. Maderal, Kap. Cervantes, Kap. Espinosa, Kap. Rieza, Kap. Abonita, Kap. Rafon, Kap. Oficiar, Kap. Villablanca, Kap. Solis at Kap. Pascua.




Ang BASM Team (kasama si Gob. Tallado) sa pamumuno NI Dr. Arlene Cosca, MD, OB-Gyn at mga doctor specialists na sina: Dr. Ted Hatch, Dr. Cristina Gamboa, Dr. Raul Achacoso, Dr. Oliver Bellevue, Dr. Nathan Boyd, Dr. Stephanie Austin, Dr. Robert Luu, Dr. Todd Foster at Dr. Leonardo Patron; Certified Registered Nurse Anesthetists sina John Hatch, Judy Craney, Mary Grace, Malina Bagalso at anesthesia tech. na si Seth Fisher; Registered Nurses na sina Erna Auro na sina Carmela Palacio, Maria Juguilon, Nelson Fajardo, Remy Wong at Ma. Theresa Palacio.

## Outstanding Filipino...

(Mula sa pahina 8)

pamamagitan ng mga *lectures* at *hands-on training*, itinuro niya sa mga katutubo ang maka-kalikasang paraan ng *resin production* o pagkuha ng katas/dagta mula sa mga puno ng almaciga at/o pili na hindi nasisira o namamatay, at sa halip ay humahaba pa ang buhay ng mga puno. Ito ang isa sa mga katangi-tanging pagsasaliksik *(researches)* ni Ella na nagpataas hindi lamang sa kalidad ng produksyon ng dagta kundi pati sa kita ng mga nagdadagta.


Nakatutulong din ito sa *greening program* ng pamahalaang nasyonal sapagkat mas pinipili ng mga katutubo ang pangalagaan ang mga puno kaysa putulin at ibenta para gawing troso, kasangkapan, at iba pa. Ang dagta ng almaciga *tree* ay may mataas na presyo sa *export market* dahil sangkap ito sa paggawa ng *lacquer*, *varnish*, sabon, *water proofing materials*, *shoe polish*, *floor wax*, *linoleum*, *printing inks*, *paper sizing*, at iba pang mahahalagang produkto.

Samantala, si Lagmay na *executive director* ng *Nationwide Operational Assessments of Hazards (Project NOAH)* ay kinilala sa natatangi nitong kontribusyon sa pagtatatag ng *weather forecasting* at *disaster readiness systems* habang si *Sec.* Singson naman ay kinilala dahil sa pagpataas ng kalidad ng serbisyo ng *DPWH* at pagpababa sa insidente ng korapsyon ng ahensya na nakapagtipid ng halos P19 bilyong simula Hulyo 2010 hanggang Nobyembre 2013.

Ang *TOFIL Award* ay isang proyekto ng *Junior Chamber International (JCI) Senate Philippines* at ng *Insular Life Assurance Co. Limited* na kumikilala sa mga kalalakihan at kababaihan ng bansa na nakapagbigay ng katangi-tanging ambag sa kani-kanilang larangan at propesyon, at nakatulong sa pagsusulong ng kagalingang panlipunan at pambansang kaunlaran. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ jcalimlim***

# Brgy. Dagang nagpasalamat sa farm to market road at day care center






*Ang bagong tayong Day Care Center sa Brgy. Dagang, Paracale, at (sa kanan) ang proyektong Farm to Market Road sa naturan ding barangay na nagkokonekta sa Tabas, Paracale.*

Sa pamamagitan ng liham ni PB Emmanuel A. Ibita, Sr., ipinaabot kamakailan ng mga residente ng Brgy. Dagang, Paracale ang kanilang taus-pusong pasasalamat kay Gob. Edgardo A. Tallado dahil sa dalawang (2) malaking proyektong ipinagkaloob nito sa kanilang barangay. Ito ang konstruksyon ng Dagang-Tabas *Farm-to-Market Road (FMR)* na nagkakahalaga ng P25 milyon at konstruksyon ng Day Care Center na nagkakahalaga ng P918,914.00 na kapwa nakapaloob sa *Agrarian Reform Community Project (ARCP)* na may kabahaging pondo ang pamahalaang panlalawigan.

Partikular nilang pinasalamatan si Gob. Tallado para sa konstruksyon ng *Day Care Center* na pinapasukan na ngayon ng kanilang mga *day care children* upang maging handa sa pagpasok sa *kinder* o elementarya.

Mas mabilis na rin ngayong nadadala sa mga pamilihan ang mga aning pang-agrikultural ng mga magsasaka sa Brgy. Dagang dahil sa pagpakongkreto ni Gob. Tallado sa *farm-to-market road* ng Brgy. Dagang. Dahil sa patag na ang kanilang kalsada, naiiwasan na ang pagkalanog at mabilis na pagkasira ng kanilang produkto kaya naman – bawas pagkalugi; dagdag kita – ngayon ang mga kababayan natin sa Brgy. Dagang, sabi pa nila.

Dahil sa sipag at tiyaga ni Gob. Tallado napabilang ang Camarines Norte sa *ARCP 2*, na bunga nito ay maraming kalsada ang naisaayos at marami pang proyektong pang-agrikultura. Sa kabuuan, 43 proyekto ang nasa ilalim ng ARCP 2 kung saan halos 10 na lamang ang tinatapos. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING ARRIOLA CALIMLIM***

## Wednesday exercise sinimulan sa...

(Mula sa pahina 8)

isinasagawa tuwing Miyerkules simula ika-4 hanggang ika-5 ng hapon sa pangunguna ng *Provincial Health Office (PHO)-Field Health Services*.

Upang hindi magambala ang paghahatid ng serbisyo ng mga tanggapan, iniutos din ng punong lalawigan na magtalaga ng maiiwang tatlong kawani ang bawat opisina. Hindi sakop ng kautusan ang *Provincial Hospital*, *Labo District Hospital* at *Capalonga Community Hospital* na hindi dapat mawalan ng sapat na bilang ng empleyado na naka- *duty* sa mga panlalawigang ospital. Maaaring dumalo sa nasabing *physical fitness* program ang empleyado ng ospital kung sila ay hindi naka-*duty*.

Layunin ng *physical fitness program* na panatilihing malusog at ligtas sa ano mang karamdaman ang mga empleyado ng gobyerno sa pamamagitan ng regular na pag-eehersisyo. **F. TOLIBAS/ JACALIMLIM**

## Sangguniang Panlalawigan...

(Mula sa pahina 8)

gan ng *Certificate of Recognition* ang 14 na mag-aaral na nakapasok sa *PHSS Bicol Region Campus* para sa ngayong taong 2014.

Ito ay sina: Jence Christian Prestado dela Fuente - *CHHS*; John Paul Cereno Mago – *VPHS*; Princess Willen Frilles Villarin – *CNSC*; Rae Gabriel Escolano Samonte, Kurt John Brimbuela Palivino at John Harold Juan Natano – *LES*; Philip Jonathan Obusan Malubay, Adriana Roni Caleon Bombase at Aldrian Perez Alarcon – *MCHL*, at mula sa Daet *Elem. School* – Viberly Rashad Rom Reyes, Jose Elijah Perez Pineda, Shiri Padrigon, Janvirben Tagala Cale at Kristel Gayle Labrador Abriol.




*SCIENCE AND MATH WIZARDS– Ang mga mag-aaral mula sa ibat'-ibang mababang paaralan sa Camarines Norte na nakapasa sa competitive examination at iskolar nna g Philippine Science High School sa ilalim ng Department of Science and Technology.*

Ang tagumpay ng naturang mga estudyante ay naghatid ng malaking karangalan hindi lamang para sa kanilang sarili, magulang at paaralan kundi gayundin sa ating probinsya ng Camarines Norte.

Ang *PHSS* ay isang prestihiyosong pampublikong paaralang sekondarya sa bansa na nagkakaloob ng *scholarship* sa mga mag-aaral na may mataas na abilidad sa larangan ng siyensa at matematika. Sa kanilang pagpasok sa *PHSS* inihahanda ang mag-aaral sa isang karera na nakatuon sa *science and technology* na makapag-ambag sa pag-angat ng edukasyon ng bansa.

Isa sa mga pangunahing kwalipikasyon upang makakuha ng *PHSS competitive examination* ay ang pagkilala ng *Department of Education (DepEd)* na sila ay kabilang sa *upper 10% of the graduating class as certified by the School Principal* o mayroong *special aptitude in science and math* na kailangang suportahan ng kaukulang report card at letter of recommendation ng paaralan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jingcalimlim***

# Brgy Affairs Office umalma sa pang-aambi sa elektripikasyon ng Macogon Labo


NATIONAL ELECTRIFICATION ADMINISTRATION

CAMARINES NORTE ELECTRIC COOPERATIVE, INC.

INVITATION TO BID

Kamakailan ay binigyang- linaw ni G. Nicomedes Velas, namumuno ng Barangay *Affairs Office* ng Pamahalaang Panlalawigan, sa ilang opisyal ng Brgy. Macogon, Labo na pumunta sa kanyang tanggapan ang ukol sa kalituhan ng mga mamamayan sa kanilang nasasakupan tungkol *sa Electrification Project* sa Purok 1 at 2 sa kanilang barangay.

Ayon sa kanila, batid nilang nakipag-ugnayan na si Gob. Edgardo A. Tallado sa *National Electrification Administration (NEA)* subalit nagtatanong sila kung bakit si *Congresswoman* Catherine Barcelona-Reyes na *1st District Representative* ang may nakalagay na *streamer* o anunsyo na nagpapahayag na siya ang may kinalaman sa nasabing proyektong pailaw.

Dahil dito, ipinabatid ni Velas ang liham-tugon ng *NEA* kay Gob. Tallado na may petsang Hunyo 27, 2013 na nagsasabing ang kahilingan ng gobernador na mga sitio at purok na mapailawan ay kasama sa *Sitio Electrification Program* (SEP) ng *NEA*. Sa listahan na isinumite ng gobernador, ang 44 sitio/purok ay kabilang sa *SEP Masterlist for CY 2013*.

Samantala, sa *SEP Masterlist for CY 2014* ay 17 sitio/purok ang mapapailawan na naman. Mayroon ng *Abstract of Quotation* ang *SEP for 2013* at sa katunayan, may *invitation to bid* na para sa *Single Phase Line Extension* ng Purok 1 at 2 ng Barangay Macogon na nagkakahalaga ng P 1,508,661.66.00.

Matatandaan na nalathala sa pahayagang ito noong Setyembre 2012 at Setyembre 2013 ang mga kaugnay na balita ukol sa mga *sitio electrification projects* dito sa Camarines Norte. Taong 2012 pa ay nagpalitan na ng liham sina Gob. Tallado at *Administrator* Edita S. Bueno ng *NEA*. Sa liham tugon niya na may petsang Setyembre 6, 2012, sinabi niya na ang kahilingan ni Gob. Tallado na pagpapailaw sa mga sitio sa lalawigan ng Camarines Norte ay kasama na sa programa para sa *2012 SEP batch 2*. Ito ay may laang pondong P26.66 milyon kung saan nakasaad din sa liham na kaagad pasisimulan ang proyekto kapag ang pondo ay natanggap na ng *NEA*. Mapapailawan nito ang 36 sitio o lugar sa iba't-ibang barangay sa sampung (10) bayan sa Camarines Norte.

Sa listahan ng 36 na sitio ay kabilang na ang Purok 5 ng Macogon, Labo kaya ang kasalukuyang proyekto sa Purok 1 at 2 ay pagpapatuloy lamang ng nasimulan ng pagpapailaw noon.

Sinabi pa nga ni Bueno na sila ay maglalaan nang mas maraming pondo para sa Camarines Norte hanggang sa abot-kaya ng kanilang *subsidy budget* upang mapadali ang implementasyon ng pagpapailaw sa mga rural na pamayanan ng Camarines Norte.

Nangangahulugan lamang na hindi pa man kongresista si Barcelona ay nakapagpanukala na si Gob. Tallado sa *NEA* at ang mga liham na nabanggit ay patunay ng matagal na niyang pakikipag-ugnayan sa pamunuan ng *NEA*.

Kaya naman hindi mapigilang umalma si Velas lalo pa at batid niya na nakailang pabalik-balik umano ang gobernador sa tanggapan ng NEA sa Manila para lamang makuha ang nasabing proyekto na magpapailaw sa mga malalayong sitio ng Camarines Norte. Kung kayat, hindi naman anya makatarungan na angkinin ito ng kampo ni Cong. Barcelona-Reyes. Maging si Velas ay personal ding nag-asikaso ng nasabing proyekto sa paggawa ng mga *transmittal* tungo sa *CANORECO*. ***JAC***


***PEACE and ORDER SITUATION REPORT (kaliwa-kanan) - Si PNP Provincial Director Moises Pagaduan, Board Member Romeo Marmol, Chairman-SP Committee on Peace and Order at Gob. Edgardo A. Tallado, Chairman ng Provincial Peace and Order Council sa pagdaraos ng pulong nito noong Pebrero 27, 2014.***

# Mahusay na operasyon ng PDEA bibigyang...

***(Mula sa pahina 8)***

bayan ng Daet, na kunwaring bibili ng droga ang isang nagpapanggap na *buyer sa* katauhan ng isang *PDEA agent*. Diumano, pagkakita ni ***Daniel*** sa balumbon ng pera na nagkakalahaga ng anim na raang libong piso (PhP600,000.00), dalawang libong piso dito ay *genuine cash marked money,* nagkasundo na ikasa ang bilihan sa bayan ng Labo, sa Brgy Bautista. Doon naman naghihintay na umano si ***Silvio*** na hawak ang umaabot sa 100 gramo ng pinaghihilaang *shabu* na may *market pr*ice na PhP600,000.00. Kaliwaan ang naging palitan ng kalakal at *marked money* bago isinagawa ang pag aresto sa dalawa.

Nabatid din na si ***Silvio*** ay kalalabas lamang noong Nobyembre 2013 mula sa 10 taong pagkakabilanggo sa *National Bilibid Prison (NBP)* dahil sa kasong *child abuse* o paglabag sa *RA 7160*. Kawalan ng hanap-buhay ang dahilan kung kaya pinasok umano niya ang nasabing iligal na gawain. Ayon sa *PDEA*, isa si Silvio sa mga itinuturing na *bigtime drug pushers* na nagsisimula pa lamang ng kanilang operasyon dito sa Camarines Norte at maswerteng natimbog agad nila ang grupo nito.

Kabilang din sa nasakote ng *PDEA* ang mga sumusunod:

1) Magkapatid na sina Gerald Sanchez, 34 taong gulang, may asawa at ang kanyang bunsong kapatid na si Raul Sanchez Y Peñaredondo pawang residente ng Purok 5, Brgy IV, Daet, Camarines Norte. Nakatransaksyon ng mga ahente ng *PDEA* ang bunso sa magkapatid na si Raul. Ipinakita muna sa kanya ng *PDEA Agent* ang pera na nagkakahalaga ng Php300,000.00 at saka ikinasa ang bilihan. Sa isang itinakdang lugar sa Brgy. Bagasbas, Daet nagkasundo na magaabutan ng droga ang magkabilang panig. Nakumpiska sa magkapatid ang 50 gramo ng pinaghihinalaang shabu may *market value* na humigit-kumulang sa PhP300,000.00. Agad namang sinampahan ng kasong paglabag sa *anti-illegal drugs* ang magkapatid na Sanchez.

2) Nakumpiska sa isang 17-pitong taong gulang na itinago sa pangalang Pedro at isang Gabriel Quines Y Inway na residente ng Brgy. Anahaw Labo, Camarines Norte ang humigit-kumulang sa dalawang (2) kilo ng marijuana na tinatayang aabot sa halagang animnapung libong piso (PhP60,000.00). Ito ay sa isang matagumpay na *buy bust operation* na isinagawa ngayong buwan ng Pebrero sa Purok 7-A, Brgy. Bagumbayan, Paracale ng tropa ni *PDEA Inteligence Officer* Enrique Lucero kasama ang Paracale *PNP* sa pangunguna naman ni *PCinsp.* Rommel Bachiller Labarro. Sinasabing ang mga ito ay nagbebenta rin ng marijuana sa mga bayan ng Labo, Jose Panganiban at Paracale.

3) Noong Pebrero 10, 2014, inihain ni *PDEA Intelligence Officer Silvio*, kasama ang Mercedes *PNP* sa pangunguna naman ni *PSinsp.* Rogelyn Peratero-Calandria ang *Search Warrant No. 2015-002* na nilagdaan ni Judge Roberto A. ng *Regional Trial Court Branch 38 para sa isang Antonio Cenon, 33 anyos at residente ng Purok 2, Brgy I, Mercedes Camarines Norte. Sinasabing si Cenon ay isa sa mga binabagsakan ng droga ni Arlan Silvio na nauna nang nadakip ng grupo ng PDEA* sa bayan ng Labo kamakailan. *Nakuha sa tahanan o pangangalaga (possession)* ni Cenon ang walong (8) *sachets na* naglalaman ng crystalline substance na pinaghihinalaang *shabu*, na nagtitimbang ng humigit-kumulang 54 gramo at may *estimated market value na tatlong daang libong piso (PhP300,000.00).* ***(Ricky Pera/jac)***

# Outstanding Filipino Award nakamit ng isang CamNorteño

Ang kababayan nating si *Forester* Arsenio B. Ella na *scientist* ng *Department of Science and Technology-Forest Products Research Development Institute (DOST-FPRDI)* ay kabilang sa tatlong *The Outstanding Filipino (TOFIL) awardees for 2013.*

Tinanggap ni Ella ang gawad-parangal mula mismo kay Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III na *keynote speaker* sa *TOFIL 2013 awarding ceremonies* sa *Insular Life Auditorium, Insular Life Corporate Center, Filinvest Corporate City,* Alabang, Muntinlupa *City*.

Kasama niyang pinarangalan dito ang isang *DOST scientist* na si Dr. Alfredo Mahar Francisco Lagmay na binigyang-pagkilala sa ilalim ng *Geology and Earth Science category*, at si *Department of Public Works and Highways Secretary* Rogelio Singson naman ay sa *Governance and Public Service category*.

Dahil sa napakalaking karangalang nadala ni Ella sa ating lalawigan, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 064-2014 na kumikilala rito bilang *TOFIL awardee* sa ilalim ng kategoryang *Environmental Conservation and Sustainable Development*.

Si Ella na isang siyentista ng *DOST Forest Products Research Development Institute* ay ginamit ang kanyang kadalubhasaan sa *wood anatomy* para matulungan ang mga *indigenous communities*. Sa

(Sundan sa pahina 6)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 4, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Mahusay na operasyon ng PDEA, bibigyang- papuri, P 1.2 milyong droga nasakote sa loob lang ng isang buwan

Inihayag kamakailan ni Sangguniang Panlalawigan Romeo Marmol, bilang *Chairman* ng *SP Committee on Peace and Order* na *ang pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Sangguniang Panlalawigan ay magpapahayag ng isang Resolusyon ng Komendasyon sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) dahilan sa napakalaking accomplishments ng ahensya laban sa bentahan ng iligal na droga dito sa lalawigan ng Camarines Norte.*

Napag-alaman na humigit-kumulang 1.2 milyong pisong halaga ng droga ang nasakote ng *PDEA* sa loob lamang ng buwan ng Pebrero 2014. Ang PDEA ay nasa ilalim ng pamumuno ni *Intelligence Officer* Enrique Silvio.

Matapos ang halos 3 linggong pagmamatyag at sa ikinasang *buy-bust operation,* nahuli ang dalawang pinaghihinalaang *bigtime drug pushers* sa lalawigan ng Camarines Norte noong Pebrero 4, 2014. Kinilala ang mga suspek na sina ***Mario Daniel***, 34 taong gulang, may asawa at residente ng Napilihan, Vinzons at isang ***Arlan Silvio***, 34 taong gulang, may asawa at nakatira sa Brgy. Bagong Silang Labo.

Naganap ang transaksyon sa isang lugar sa

(Sundan sa pahina 7)




*KARANGALAN NG LALAWIGAN– Pebrero 12, 2014, 28th regular session ng Sangguniang Panlalawigan. Kasama ang mga board members, ipinagkaloob ni Vice Gov. Jonah G. Pimentel, ang Sertipiko ng Pagkilala kay G. Arsenio B. Ella, tubong Brgy. Alawihao, Daet at nagtapos sa Camarines Norte High School noong 1969 sa pagiging isa sa TEN OUTSTANDING FILIPINO for 2013*

# Wednesday exercise sinimulan sa kapitolyo, Biggest weight loser bibigyan ng premyo

"Ang makapagbabawas ng pinakamalaking timbang ay bibigyan ng premyong sampung libong piso", ito ang masayang pahayag ni Gob. Edgardo A. Tallado nang muling inilunsad ang regular na *physical fitness activity* ng mga kawani ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte noong ika-5 ng Pebrero sa harapan ng kapitolyo.

Susog ito sa CSC MC No. 8, s. 2011 na nagsasaad ng *"Reiteration of Physical Fitness Program "Great Filipino Workout"* na sinegundahan naman ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng *Memorandum No. 140127- 01* na nag-uutos sa lahat ng empleyado ng pamahalaang panlalawigan na makiisa sa nasabing programa.

Ang gawaing ito ay

(Sundan sa pahina 6)



*"Health is Wealth" - Si Gob. Egay Tallado kasama si Provl Administrator Joey G. Boma at iba pang opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na tuwing 4-5pm ng Miyerkules ay nag-eehersisyo sa Provincial Capitol Grounds.*

# Sangguniang Panlalawigan pinarangalan ang mga nakapasa sa Philippine Science High School

Pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon Blg. 020-2014 na kumikilala sa 14 na estudyante mula sa 6 na paaralang elementarya sa lalawigan na matagumpay na nakapasa sa *Philippine Science High School System (PSHSS) Search for Scholars for 2014.*

Sa naturang bilang, 5 ang nakapasa mula sa *Daet Elementary School (DES)*; tig-tatlo mula sa *Montessori Children's House of Learning (MCHL)* at *Labo Elem. School (LES)*, at tig-iisa mula sa *Chung Hua High School (CHHS), Vinzons Pilot Elem. School (VPES)* at *Camarines Norte State College (CNSC)*.

Katangi-tangi ang nakamit ng mga kabataang mag-aaral dito sapagkat sa may 22,661 na sumailalim sa *nationwide entrance exam* na ibinigay ng *PSHSS* noong Oktubre 2013, nakabilang sila sa may 1,231 estudyante o katumbas ng 5.43% na tanging nakapasa sa pagsusulit.

Sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, pinagkalooban ng Sangguniang Panlalawi-

(Sundan sa pahina 6)